— Dapat makipag-alam ang mga tao sa kanilang propesyonal sa health care upang hilingin ang pagpapabakuna sa trangkaso para sa kanilang mga anak, para sa sarili at sa iba pang mga kasama sa tahanan. Maraming mga propesyonal sa health care ang nagbibigay ng bakuna. Ang mga ospital sa lugar, mga health clinic, mga tindahan at kahit na ang ilang mga tagapag-empleyo ay maaari ring may inaalok na pagbabakuna.

Sino ang Dapat Magpabakuna sa Trangkaso

— Ang sinumang nais na magpababa sa posibilidad na matrangkaso ay dapat magtanong sa isang propesyonal sa health care tungkol sa taunang pagpapabakuna.

— Inirerekomenda ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC) at ng Advisory Committee on Immunization Practices (ACIP) ang taunang pagpapabakuna para sa mga sumusunod na grupo:

- Lahat ng mga taong nais magpababa ng posibilidad na matrangkaso o na maipasa ang trangkaso sa iba pang tao.
- Ang lahat ng mga bata mula 6 na buwan hanggang 18 taong gulang
- Ang sinumang 6 na buwan at mas matandâ na may ilang mga pangmatagalang medikal na kondisyon (halimbawa, diyabetis, hika, sakit sa puso, mahinang immune system)
- Mga buntis na babae
- Ang mga tao na nakatira kasama ng, o laging lumalapit sa, mga taong nasa panganib, kabilang ang mga batang wala pang 6 na buwan at mga taong may pangmatagalang medikal na kondisyon o mahinang katawan
- Mga taong 50 taong gulang at mas matandâ.
- Mga propesyonal sa health care
- Mga naninirahan sa mga nursing home at iba pang mga pasilidad para sa pangmatagalang sakit

Sino ang Hindi Dapat Magpabakuna sa Trangkaso

— Ang mga taong nagkaroon ng malubhang reaksyon (halimbawa, anaphylaxis) sa mga itlog o protina ng itlog o dating nagkaroon ng alerdyik na reaksyon na may kinalaman sa bakuna ay dapat hindi magpabakuna.

— Ang mga taong nagkaroon ng Guillain-Barré syndrome (GBS) sa loob ng 6 na linggo pagkatapos magpabakuna dati ay hindi dapat magpabakuna.

— Ang mga taong mayroong acute febrile illnessess (mataas na lagnat) ay karaniwang dapat maghintay hanggang nawala ang kanilang mga sintomas. Gayunman, ang

pagpapabakuna ay maaaring ituloy habang may hindi malubhang sakit, nang mayroon o walang lagnat.

— Ang ilang mga grupo ay hindi dapat bigyan ng nasal vaccine, kabilang ang:

- Mga taong mas bata sa 2 taong gulang
- Mga taong 50 taong gulang at mas matandâ
- Mga bata o nagbibinata/nagdadalaga na umiinom ng aspirin
- Mga buntis na babae:
- Mga taong may ilang mga medikal na kondisyon tulad ng hika o diyabetis

Kaligtasan ng Bakuna sa Trangkaso

— Ang iniiniksyon na bakuna ay gawa mula sa isang di-aktibo o kaya patay na virus at hindi maaaring magdala ng impeksyon. Ang bakuna na ito ay lisensiyado para gamitin sa lahat ng mga taong 6 na buwan ang edad at mas matanda, anuman ang kalagayan sa kalusugan. Ang nasal-spray vaccine ay gawa mula sa buháy na ginawang mahina na virus.

— Ang pinakamadalas na side effect ng iniiniksyon na bakuna sa trangkaso ay ang pamamaga nang isa hanggang dalawang araw sa lugar ng binakunahan. Paminsan-minsan, ang ilang tao ay nakakaranas ng sinat at lubhang pagkapagod nang isa o dalawang araw pagkatapos ng pagpapabakuna.

— Ang pinaka-karaniwang side effect ng nasal vaccine ay ang tumutulong sipon. Kabilang sa iba pang side effects ang mga sintomas na parang sipon, tulad ng sakit ng ulo, ubo, masakit na lalamunan, pagkapagod o panghihina, pagiging mainisin at pananakit ng mga kalamnan.

Tungkol sa *Koalisyon ng Pagbabakuna sa mga Bata laban sa Trangkaso (CIIC)*

Ang *Koalisyon ng Pagbabakuna sa mga Bata laban sa Trangkaso* (*Childhood Influenza Immunization Coalition, CIIC*) ay itinatag ng National Foundation for Infectious Disease (NFID) upang protektahan ang mga sanggol, mga bata at mga nagbibinata/nagdadalaga mula sa trangkaso sa pamamagitan ng pagbibigay-alam gamit ang "isang malakás na tinig" (“one strong voice”) tungkol sa pangangailangang gawing pambansang priyoridad sa kalusugan ang pagbabakuna sa trangkaso. Hangad ng *CIIC* ang magtuon ng pansin at pabutihin ang napaka-kaunting dami ng mga batang nagpapabakuna. Bawat taon, humigit-kumulang sa 20,000 ang naoospital dahil sa trangkaso at halos 100 na mga batang wala pang 5 taong gulang ang namamatay sa Amerika.

Kabilang sa mga miyembro ng *Koalisyon* ang Allergy & Asthma Network Mothers of Asthmatics, American Academy of Pediatrics, American Academy of Physician Assistants, American College of Cardiology, American College of Obstetricians and Gynecologists, American Lung Association, American Medical Association, American Public Health Association, Asian and Pacific Islander American Health Forum,

Association of State and Territorial Health Officials, Asthma and Allergy Foundation of America, Canyon Ranch Institute, Centers for Disease Control and Prevention, Every Child By Two, Families Fighting Flu, Inc., Immune Deficiency Foundation, Immunization Action Coalition, Kaiser Permanente-Northern California, National Association for the Education of Young Children, National Association of Community Health Centers, National Association of Pediatric Nurse Practitioners, National Association of School Nurses, National Foundation for Infectious Diseases, National Hispanic Medical Association, National Medical Association, Parents of Kids with Infectious Diseases and Society for Adolescent Medicine.

Ang mga inisyatibo ng *Koalisyon ng Pagbabakuna sa mga Bata laban sa Trangkaso* (*Childhood Influenza Immunization Coalition*) ay ginagawang posible sa pamamagitan ng walang restriksyon na educational grant sa NFID mula sa sanofi pasteur.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa *CIIC* o trangkaso, mangyaring bisitahin ang www.PreventChildhoodInfluenza.org.